

HALIMBAWANG LISTAHAN NG MGA LILINISIN

Dapat laging kumpirmahin ng nangungupahan sa landlord o may-ari kung mayroon silang listahan ng mga lilinisin. Kung hindi nagbigay ng listahan ng mga lilinisin ang landlord o may-ari, ang mga sumusunod ay **iminumungkahing** listahan ng mga lilinisin para gamitin ng mga nangugnupahan bago sila lumisan

- Linisin ang loob, labas, likod at ilalim ng refrigerator at i-defrost at linisin ang freezer.
- Iwanang nakabukas ang pintuan ng refrigerator kung naka-off ito.
- Linisin ang loob, labas, likod at ilalim ng kalan at linisin ang hurno at mga burner sa kalan.
- Hugasan ang mga estante o kabinet sa loob at labas.
- Linisin ang loob at labas ng lahat ng mga bintana/track, mga pinto at track ng mga closet at mga pinto at track ng patio.
- Hugasan ang mga dingding at sahig.
- Punasan ang mga rod ng mga kurtina at mga tabing ng bintana o ibalik uli ang sa landlord o may-ari.
- Punasan o hugasan ang mga bentilador at pasingawan, mga ilaw; palitan ang mga pundidong bombilya.
- I-check ang smoke detector, palitan ang mga baterya kung kinakailangan.
- Linisin nang mabuti ang banyo at ang tub, tile, lababo, medicine cabinet, mga kabinet at inodoro.
- I-vacuum at linisin ang mga karpit, kung kinakailangan.

ISANG CHECKLIST PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN

ANG PAUPAHANG YUNIT

- Mayroon bang lugar na imbakan para sa mga ekstrang gamit tulad ng mga bisikleta, bagahe, atbp? Sino ang maaaring gumamit nito?
- Saan ang pinakamalapit na sakayan ng bus?
- Malapit ba ang paupahang lugar sa mga serbisyong regular na kinakailangan (grocery, bangko, fitness gym)?
- Malinis ba ang paupahang yunit? Sino ang nagpapala o nag-shoovel ng snow? Sino ang namumutol ng damo? Sino ang nagbibigay ng mga kagamitan (mga pala o shovel, lawn mower)?
- Saan ba maaring i-park ang mga sasakyan? Maliwanag ba sa loob at labas ng parking lot o paradahan?
- Gaano ba katahimik o kaingay ang paupahang yunit sa gabi para sa pag-aaral o pagtulog?
- Mayroon bang mga kagamitan sa paglaba? Mayroon bang iskedyul sa paggamit? Kailangan bang bayaran ito? Saan ang pinakamalapit na laundromat?
- May serbisyong internet ba ang gusali o maari ba itong i-install?

PANANALAPI

- Magkano ba ang upa?
- Magkano ba ang security deposit? Magkano ang halaga?
- Kasama ba sa upa ang init, tubig, kuryente, cable o internet?
- Magiging karagdagang singil ba ang pagpapakabit ng utility? Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa publikasyong “Electricity and Natural Gas Contracts” sa www.servicealberta.ca/644.cfm/#tipsheets
- Magiging karagdagang bayad ba ang parking? Magkano ang halaga?
- Sino ang dapat magbayad sa pagpapaayos o pagpapakumpuni- malalaki man o maliliit?

IWASAN ANG MGA HINDI PAGKAKAUNAWAAN NG MGA MAGKAKASAMA SA PAUPAHANG YUNIT

- Sino ang pipirma sa kasunduan ng pangungupahang residensyal? Pinakamabuti na isama ang pangalan ng lahat ng partido o mga nangungupahan sa kasunduan.
- Ano ang mangyayari kung kailangang lumisan ang isang tao bago ang katapusan ng pangungupahan?
- Paano ang pagbabahagi ng mga gastusin at pagbabayad ng mga bill?
- Paano lulutasin ang mga problema?

MGA KATANUNGAN AT MGA KONSIDERASYON

- Nakatakda ba ang haba ng panahon o buwan-buwan ang kasunduan ng pangungupahang residensyal?
- Kailan at saan babayaran ang upa? Anong mangyayari kung ito ay naantala? Inirerekomenda ang paggawa ng resibo sa anumang babayaran.
- Kanino ka makikipag-uganayan kapag may problema?
- Nakipag-ugnay ka na ba para sa tenant insurance o seguro para sa nangungupahan?
- Maari bang ipaupa sa iba ang inuupahan? Paano naman ang tungkol sa roommate o kasama sa paupahang yunit?
- Pinapayagan ba ang mga alagang hayop? Kinakailangan ba ng deposito?
- Pinapayagan ba ang manigarilyo?
- Gaano katagal na maaring manatili ang mga bisita?
- Maari ko bang palamutihan ang aking yunit? Ano ang patakaran tungkol sa mga push pins at mga butas ng pako sa dingding?
- Kailan at saan ipadadala ang mga abiso kapag oras na ng paglipat?
- Kailan isasagawa ang ulat ng inspeksyon?
- Itago ang mga kopya ng lahat na dokumento ng pangungupahan kabilang ang kasunduan ng pangungupahan, ulat ng inspeksyon at mga resibo.

Alberta Serbisyong Alberta